**TUMAYO. MANINDIGAN**
**Lord's Flock Worship Service Topic**
Ni: Bishop Teodoro Bacani
Mayo 31, 2025

Ang paghihiwalay ng simbahan at estado ay ang prinsipyo para ang gobyerno ay hindi makialam sa mga institusyong pangrelihiyong at sa kabaliktaran nito. Gayunpaman, hindi ipakahulugan na hindi interesado o walang partipisasyon ang simbahan sa pamahalaang pampulitikal.




Pag-ibig ng Diyos sa atin ang dapat na pundasyon para magawa ang ating moral na responsibilidad, pangalagaan ang kapwa at ang mundo, para makilahok sa plano ng Diyos at para matupad ang panukala ng Diyos na pag-isahin ang lahat ng nasa langit at nasa lupa (Efeso 1:10). Sa pamamagitan ng mga gawain ni Kristo, maihihiwalay natin ang Kristiyanismo sa ating buhay pulitiko.

1. **Dumating si Hesus para ipahayag at itatag ang kaharian ng Diyos.**

   Tinuruan tayo ni Hesus tungkol sa Kaharian ng Diyos – ang katotohanang itinatag dito sa lupa at ang pag-asang maisakatuparan sa langit. Ang Kaharian ng Diyos ay kung saan Siya naghahari, at naisakatuparan ang Kanyang kalooban; ito ay tungkol sa pagkamatuwid, kapayapaan, at kagalakan sa Espiritu Santo (Rom. 14:17).

   **1.1 Pagkamatuwid** (Pagsunod) ay ang tamang relasyon sa Diyos.
   **1.2 Kapayapaan** ay ang tamang relasyon sa kapwa at sa mundo – mapagmahal at pagkakaisa.
   **1.3 Kagalakan** ay bunga ng pagkamatuwid at kapayapaan.

   Kaya, ang Diyos at simbahan ay nananawagan na itatag ang kaharian ng Diyos dito sa lupa sa pamamagitan ng tamang relasyon sa Diyos, sa kapwa, at sa mundo, sa buhay pangrelihiyon at pulitika – paghahanda sa ganap na paghahari ng Diyos sa langit.

2. **Dumating si Hesus para sa ating kaligtasan (buhay na walang hanggan)**

   **2.1 Ang kaligtasan ay madalas nakikita bilang kinabukasang kaganapan,** ngunit ito ay katotohanang may kinalaman ang pamumuhay dito sa lupa ayon sa kalooban ng Diyos at ang kaganapan nito sa darating na buhay.

   **2.2 Pinagkasundo ni Hesus ang Diyos at sangkatauhan,** sinira Niya ang paghihiwalay dahil sa kasalanan. Pinagkasundo Niya ang mga tao at ang mundo. Ang misyon ay ang tipunin ang lahat na nasa Kanyang pamumuno – ang bagong langit at bagong lupa (Pahayag 21:1).

   **2.3 Ang kaligtasan kay Kristo ay hindi Niya tayo pinagbabawalang lumahok sa pulitika.** Sa halip, ito ay nagkakaloob ng kaalaman sa layunin at motibasyon sa likod ng partipasyong ito. Moral na obligasyon ng isang Kristyano ang baguhin ang lipunan na sumasalamin sa maka-Kristiyanong pag-uugali o asal, sa gayon maibahagi ang positibong pagbabago sa mundo bilang bahagi sa plano ng Diyos.

**Konklusyon:**
Bilang Kristyano, may moral tayong obligasyon sa paglahok sa pulitika para maipakita na namumuhay tayo ayon sa ating pananampalataya sa pamamagitan ng pagtatatag sa kaharian ng Diyos sa tapat na relasyon sa Diyos, sa kapwa, at sa mundo at sa paghubog sa ating lipunan na sumasalamin sa maka-Kristyanong asal.

**Pagninilay:**
1. Ano ang pananaw mo sa isyung pampulitiko sa iyong buhay Kristyano?
2. Paano ka tumayo at manindigan tungkol sa maka-Kristyanong asal kung nahaharap sa salungatang pampulitiko?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida Cruz
Na-edit ni:Vera I. Tuplano
Tags: #KaharianngDiyos; #Pagkamatuwid #Kapayapaan; #Joy; #Kaligtasan
https://lordsflock.org/teachings/digests
https://www.facebook.com/share/v/1JD3niJi6Z/